
# Paglalarawan ng mga Tauhan sa Napakinggan o Binasang Teksto Batay sa Kilos, Sinabi o Pahayag


## Subukin


PRINT"

Panuto: Basahin ang teksto upang mailalarawan ang tauhan batay sa kilos, sinabi o pahayag

### Mababait na Magpinsan







Ang magpinsang sina Lisa, Tina, Sela, Dan at Pilo ay mamimigay ng regalo sa kanilang kaibigan sa probinsiya ng Camiguin na biktima ng bagyo. Maagang gumising si Dan. Siya ay nagluto at naglinis ng bahay. Maya't maya dumating si Pilo at Tina, "Magandang umaga po tatay Tado", bati ni Pilo at Tina. "Lalakad na po kami", paalam nila. Dinaanan nila si Sela, dahil sa tinding init, uminom muna sila ng tubig at si Lisa ang huli. Pagkatapos, isinara kaagad ni Lisa ang gripo. Masaya silang umalis papunta sa kanilang patutunguhan para mamigay ng regalo. Maayos na sinunod ni Sela ang utos ng ina na maaga silang umuwi.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Ilarawan ang tauhan sa binasang teksto batay sa kilos, sinabi o pahayag. Piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Pagkatapos, sinara kaagad ni Lisa ang gripo. Ano ang tamang paglalarawan sa ikinilos ni Lisa?
   A. matipid
   B. pabaya
   C. mapagmahal
2. Masayang namigay ng regalo ang magpipinsan sa mga kaibigan. Alin ang angkop na paglalarawan?
   A. makulit
   B. malungkot
   C. mapagbigay
3. Maayos na sinunod ni Sela ang utos ng ina na maaga silang umuwi. Ano ang wastong paglalarawan sa ikinilos ni Sela?
   A. suwail
   B. masunurin
   C. matakutin
4. Maagang gumising, nagluto at naglinis ng bahay si Dan. Piliin ang tamang paglalarawan?
   A. masipag
   B. masayahin
   C. malambing
5. "Magandang umaga po sa inyo Mang Tado", ang bati ni Pilo at Tina. Ano ang tamang paglalarawan sa kanilang pahayag?
   A. matapat
   B. magalang
   C. maalalahanin

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Balikan

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang teksto.




**Batang Ulila**

Si Nardo ay maagang nawalan ng magulang kaya nakikitira siya sa kanyang tiyahin, nagsusumikap para maaabot ang pangarap.

Pinagbubutihan niya ang pag-aaral kaya kinagigiliwan ng mga kaklase at guro.

Lagi siyang nagdadasal at humihingi ng gabay sa Panginoon.

Panuto: Piliin ang **S** kung ang pahayag sa ibaba ay sanhi at **B** naman kung ito'y bunga**.**

______ 1. Si Nardo ay maagang nawalan ng magulang.

______ 2. nakikitira sa kanyang tiyahin

______ 3. para maabot ang pangarap

______ 4. kaya kinagigiliwan ng mga kaklase at guro


______ 5. pinagbubutihan niya ang pag-aaral

"READY

LIVEWORKSHEETS

## Tuklasin

Panuto: Basahin at unawain.



**Ang Inahing Manok**

Ako ay isang inahing manok. Upang ang mga mapuputing itlog ko ay hindi mahuhulog, ingat ako sa pangingitlog. Gamit ko ay dalawang pakpak at katawan, sa ganoong paraan itlog ko ay mapangangalagaan. Ang bago kong mga pisang sisiw ay aliw na aliw sa panonood sa akin. Aking mga sisiw dapat ninyong isipin at gayahin, ang wastong pagtuka ng mga pagkain.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot.


1. Upang ang mga mapuputing itlog ko ay hindi mahuhulog, ingat ako sa pangingitlog. Anong uring inahing manok ang inilarawan sa iyong binasa?
   A. maalaga
   B. maabuso
   C. makasarili
2. Gamit ko ay dalawang pakpak  at isang katawan, sa ganoong paraan itlog ko ay mapangangalagaan. Paano mo mailalarawan ang inahing manok?
   A. palaasa
   B. maparaan
   C. mapagpakumbaba
3. Ilarawan ang kilos ng bagong pisang sisiw?
   A. mahina
   B. malakas
   C. mabagsik
4. Ang bagong mga pisang sisiw ay aliw na aliw sa panonood sa ina. Ano ang iyong mailalarawan sa mga ikinikilos ng sisiw?
   A. galit sa ina
   B. takot sa ina
   C. nagtiwala sa ina
5. Aking mga sisiw dapat ninyong isipin at gayahin, ang wastong pagtuka ng mga pagkain. Ilarawan ang sinabi o pahayag na ito ng inahing manok?
   A. umiiwas sa pagtuturo
   B. matiyagang nagtuturo
   C. nagpabaya sa pagtuturo

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Suriin

Panuto: Basahin at intindihin ang teksto.



**Ang Alagang Aso**

Si Marlo ay batang masipag mag-alaga ng aso. Mabait ang aso niyang si Tarpo. Sa kanyang mahinang tawag lalapit kaagad ito. Malakas tumahol at mabilis siyang tumakbo. Alistong nagbabantay sa bahay lalo na sa mga di-kakilalang tao. Mahal na mahal ni Marlo ang alaga niyang aso.

Panuto: Basahin at sagutin ang sumusunod na tanong. Piliin ang titik sa wastong sagot.

1. Anong uring bata si Marlo?
   A. palaboy
   B. masipag
   C. masakitin

2. Ano ang mailalarawan mo sa kanyang aso?
   A. mabait
   B. mabagsik
   C. kaawa-awa

"READ

LIVEWORKSHEETS

3. Ilarawan kung paano tumakbo ang asong si Tarpo?
    A. mabilis
    B. makupad
    C. katamtaman

4. Ano ang mailalarawan mo sa tahol ni Tarpo?
    A. malakas
    B. nakalilito
    C. nakakatakot

5. Paano binantayan ng aso ang bahay?
    A. alisto
    B. patulog
    C. patakbo

## Pagyamanin

TO PRINT"

Panuto: Basahin at unawain ang teksto.



**Si Nanay Elay**

Si Nanay Elay ay matanda na. Siya ay walumpu't dalawang taon. Siya ay mapagmahal na ina kaya mahal na mahal siya ng kanyang mga anak. Tinuturuan niya ito ng magagandang asal at gawaing-bahay. Masayang-masaya si Nanay Elay sa kanyang mga alaala at nagpapasalamat sa mga biyayang ibinigay ng Diyos sa kanya.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin sa kahon ang titik ng wastong sagot.

| | |
|---|---|
| A. maka-Diyos | D. mapagmahal |
| B. matanda na | E. masaya |
| C.tinuturuan nang magandang asal | |


1. Ano ang katangian ni Nanay Elay bilang ina?
2. Paano niya ginabayan ang mga anak sa mabubuting landas?
3. Ano ang masasabi mo tungkol sa pisikal na anyo ni Nanay Elay?
4. Nagpasalamat si Nanay Elay sa Diyos. Ano ang mailalarawan mo sa kanya?
5. Ano ang nararamdaman ni Nanay Elay sa paggunita sa kanyang alaala?

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

# Isagawa

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang teksto.



**Si Selo**

Nakita ni Selo na nadapa ang kapwa bata. Dali-dali siyang lumapit. “Nasaktan ka ba?” tanong ni Selo. Tinulungan ni Selo na makatayo ang bata. “Maraming salamat,” wika ng bata. “Kahit sinong makakakita sa iyo ay ganun din ang gagawin. Sa susunod mag-iingat ka sa paglalakad,” paalala ni Selo sa bata.

Panuto: Piliin ang salitang naglalarawan sa kilos o pahayag sa pangungusap. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Nakita ni Selo na nadapa ang kapwa bata. Dali-dali siyang lumapit. Ilarawan ang kilos niya.
   - A. maligaya
   - B. malungkot
   - C. matulungin

LIVEWORKSHEETS

2. “Nasaktan ka ba?”, tanong ni Selo. Sa pahayag na ito, ilarawan si Selo.
    A. malakas
    B. masama
    C. maaalahanin

3. Tinulungan ni Selo na makatayo ang bata. Ilarawan ang ikinilos niya.
    A. makatao
    B. maka-Diyos
    C. makabansa

4. “Maraming salamat,” wika ng bata. Sa sinabing ito, ilarawan ang bata.
    A. madamot
    B. malambing
    C. mapagpasalamat

5. “Kahit sinong makakakita sa iyo ay ganun din ang gagawin”, sabi ni Selo. Anong katangian meron si Selo?
    A. matalino
    B. maaasahan
    C. mapagkumbaba

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS

## Tayahin

Panuto: Basahing mabuti upang mailarawan ang mga tauhan.



**Ang Batang Matulungin**

Si Jun ay palaging naglalakad pauwi galing sa eskwela. Maingat niyang tinitingnan ang paligid bago siya tatawid. Pag-uwi sa bahay, hindi niya nalilimutan ang pagmamano sa kanyang mga magulang. Pagkatapos magbihis ay tinutulungan niya ang kanyang tatay sa pagpapakain ng kanilang mga alagang manok sa maliit nilang manukan. Hindi niya nakalilimutan ang palaging bilin ng kaniyang nanay na maghugas nang maayos ng kamay. Matapos tulungan ang tatay, pinuntahan niya ang kanyang nanay sa kusina para hugasang mabuti ang mga prutas at gulay.

LIVEWORKSHEETS

Panuto: Piliin ang titik ng wastong sagot.

1. Anong klaseng bata si Jun?
   A. marupok
   B. madaldal
   C. matulungin

2. Paano tinatawid ni Jun ang kalsada pauwi?
   A. mabilis
   B. maingat
   C. patakbo

3. Ano ang salitang ginamit sa paglalarawan ng paghuhugas ni Jun ng kamay?
   A. mabilis
   B. maayos
   C. maingat

4. Paano hinuhugasan ni Jun ang mga prutas?
   A. mabilis
   B. mabuti
   C. maayos

5. Ano ang salitang angkop na gagamitin sa paglalarawan sa katauhan ng batang si Jun?
   A. Salbahe sa mga magulang.
   B. Matulungin sa mga magulang.
   C. Palaging pasaway sa mga magulang

"READY TO PRINT"

LIVEWORKSHEETS